Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO

**Bumuo sa Pagsusulat ng USLeM**

| | |
|---|---|
| **Manunulat/Tagaguhit:** | Melvin V. Fernandez |
| **Tagalapat:** | Hannah Krystelle Q. Del Rosario |
| **Tagasuri ng Nilalaman at Wika:** | Mario N. Pardiñez |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Mrs. Ma. Evalou Concepcion A. Agustin, SDS SDO-Pasig City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Filipino EPS-NCR<br>Ma. Teresita E. Herrera, Filipino SDO EPS, Pasig, City<br>Wilma Q. Del Rosario, LR EPS SDO-Pasig City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)

# ARALIN 1: Paggawa ng Dayagram ng Ugnayang Sanhi at Bunga sa Napakinggang Teksto

## Mga Inaasahan

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

A. nakagagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga mula sa tekstong napakinggan (F5PN-IVa-d-22), at

B. nakasasagot nang wasto sa mga tanong.

## Unang Pagsubok

**Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang angkop na SANHI ng sumusunod na BUNGA sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.**

_____1. Malulusog ang mga tanim na halaman ni Mang Aldo.
_____2. Umiiyak nang malakas ang bunsong anak ni Layla.
_____3. Natatawa ang bawat makasalubong ni Karina.
_____4. Pinuri ng guro at pinalakpakan ng mga kamag-aral si Miya.
_____5. Malungkot na malungkot nang umuwi mula sa pabrika si Mang Franco.

| |
|---|
| A. Mataas na mataas ang kaniyang lagnat.<br>B. Tinanggal siya sa trabaho.<br>C. Alaga niya sa dilig at pataba ang mga halaman.<br>D. Tama lahat ang mga sagot niya sa pagsusulit.<br>E. Magkaiba ang kulay ng suot niyang pares ng sapatos. |

## Balik-Tanaw

**Panuto: Isulat sa patlang ang salitang SIMUNO kung ang may salungguhit ay tumutukoy sa paksa ng pangungusap. Isulat naman ang salitang PANAGURI kung ang may salungguhit ay ang bahaging nagsasabi ng tungkol sa paksa.**

__________1. Tumayo tayo nang tuwid habang inaawit ang Lupang Hinirang.
__________2. Masayang nakilahok sa paligsahan sina Ana at Lina.
__________3. Napansin ng guro ang mabubuting asal na ipinamalas ng mga mag-aaral.
__________4. Sina Allan, Patrick, at Joshua ay naghanda ng masarap na meryenda para sa mga panauhin.
__________5. Si Ginoong Ramos ang nahalal na pangulo ng samahan.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Ano ang masasabi mo tungkol sa pahayag na "Hindi hadlang ang kahirapan upang magtagumpay sa buhay"?**

**Panuto: Ipabasa sa iyong magulang o kapatid ang kuwentong ito. Sagutin ang mga tanong pagkatapos mapakinggan ang kuwento.**

**Hindi Hadlang ang Kahirapan**

ni: G. Mario N. Pardiñez

Nagmula sa isang mahirap na pamilya si Dino. Lima silang magkakapatid at siya ang panganay. Ang kaniyang ama ay isang mangingisda at ang kaniyang ina ay isang labandera. Nakamulatan ni Dino ang hirap ng kanilang pamumuhay.

Dahil sa kaniyang pagtitiyaga, nakapagtapos siya ang elementarya sa kanilang baryo. Sa kagustuhan ni Dino na maipagpatuloy ang pag-aaral at makapagtapos sa kolehiyo, naisipan niyang magtrabaho sa isang karinderya para may pantustos sa pag-aaral. Batid din niya ang hirap ng kaniyang mga magulang para maibigay ang kanilang pangangailangan kaya siya ay nagsisikap.

Kahit mahirap, nag-aaral siya sa araw at nagtatrabaho tuwing gabi. Sinisikap niyang magampanan ang lahat ng ito dahil gusto niya ring mapag-aral ang kaniyang mga nakababatang kapatid at balang-araw ay matulungan ang kaniyang mga magulang.

Sa paglipas ng panahon, kumuha siya ng kurso sa pagtuturo at hindi inaasahang naging iskolar ng kanilang bayan. Sa pagpupunyagi ni Dino, nakapagtapos siya ng pag-aaral at natupad ang kaniyang mga pangarap sa buhay. Naipasa rin niya ang pagsusulit upang siya'y maging ganap na guro. Si Dino ay naging guro sa kanilang bayan. Tumulong din siya sa kaniyang mga magulang na mapag-aral ang kaniyang mga kapatid. Unti-unti nang naabot ni Dino ang kaniyang pangarap para sa kaniyang pamilya. Hindi naging hadlang para kay Dino ang kahirapan upang magtagumpay sa buhay. Walang imposible kung magsisikap para sa kinabukasan.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? ___________________________
2. Ano ang masasabi mo kay Dino bilang anak?
   __________________________________________________
3. Paano mo maiuugnay sa iyong buhay bilang mag-aaral ang ginawang pagsisikap ni Dino? ______________________________________________
4. Bilang isang mag-aaral, paano mo kaya matutulungan ang iyong magulang upang matupad ang mga pangarap mo sa buhay?
   ____________________________________________________________
5. Ano ang iyong natutuhan sa kuwentong napakinggan?
   ____________________________________________________________

**Basahin mo ang mga pangungusap na nabanggit sa kuwento.**

| | |
|---|---|
| Dahil sa kaniyang pagtitiyaga | nakapagtapos siya ng elementarya sa kanilang baryo |
| Gusto niyang maipagpatuloy ang pag-aaral at makapagtapos sa kolehiyo | kaya naisipan niyang magtrabaho sa isang karinderya |
| upang makapagtapos ng kolehiyo | Nag-aaral siya sa araw at nagtatrabaho sa gabi |
| dahil gusto niya ring mapag-aral ang kaniyang mga nakababatang kapatid at balang-araw ay matulungan ang kaniyang mga magulang | Nagsumikap siya sa buhay |
| Sa pagpupunyagi ni Dino | nakapagtapos siya ng pag-aaral at natupad ang kaniyang mga pangarap sa buhay |

Ano ang napansin mo sa mga pariralang nasa unang kolum? Mapapansin na ang mga parirala sa unang kolum ay nagsasabi ng dahilan ng mga pangyayari.

**Halimbawa:**

| | |
|---|---|
| **Dahil sa kaniyang pagtitiyaga** | nakapagtapos siya ng elementarya sa kanilang baryo |

Ito ay ang tinatawag na SANHI. Ang sanhi ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang pangyayari. Ginagamitan ito ng mga pangatnig na nagpapahayag ng sanhi o tinatawag na pananhi: dahil/ dahil sa, sapagkat, palibhasa, kundangan, mangyari at kasi.

Ano naman ang napansin mo sa mga parirala na nasa ikalawang kolum? Ang mga parirala naman sa ikalawang kolum ay ang epekto ng dahilan ng mga pangyayari.

**Halimbawa:**


| | |
|---|---|
| Gusto niyang maipagpatuloy ang pag-aaral at makapagtapos sa kolehiyo | **kaya naisipan niyang magtrabaho sa isang karinderya** |

Ito ay tinatawag na BUNGA. Ang bunga ay ang resulta o kinalabasan ng pangyayari. Ginagamitan naman ito ng mga pangatnig na nagpapahayag ng bunga o tinatawag na panlinaw: kaya/ kaya naman, kung kaya, bunga nito/ng, sa gayon, sa ganitong dahilan.


Ang paggamit ng ugnayang sanhi at bunga ay higit na nakapagliliwanag, nakapaglalarawan kung bakit naganap ang isang pangyayari, at kung ano ang naging epekto nito. Upang mas madaling maunawaan ang ugnayang ito, mas mainam na gamitan ito ng *diagram*.

Ano ang *diagram*? Ang *diagram* ay isang paglalarawan o guhit para maipakita ang presentasyon o ugnayan sa pagitan ng mga bahagi ng isang sistema. Halimbawa nito ay *Venn Diagram, Fishbone Diagram, Tree Diagram, Flowchart* at marami pang iba.

Tingnan ang ugnayang sanhi at bunga sa ibaba gamit ang *Tree* at *Venn Diagram*.




***Tree Diagram***




***Venn Diagram***

## Gawain


**Pakinggang mabuti ang kuwentong babasahin ng guro/magulang.**

Maaga pa lang ay gumising na si Alex dahil papasok siya sa paaralan. Maaga silang naulila sa kanilang nanay dahil ito ay nagkasakit kung kaya't ang kanilang tatay ay mag-isang nagtatrabaho para sa kanilang kinabukasan. Nag-aral nang mabuti si

Alex kaya matataas ang marka niya sa pagsusulit. Dahil sa kanilang pagtutulungan, nakaahon sila sa kahirapan.

**Panuto: Gamit ang *Venn Diagram,* tukuyin ang sanhi at bunga gayundin ang pangatnig na ginamit sa mga pangungusap sa ibaba.**

1. Maaga pa lang ay gumising na si Alex dahil papasok siya sa paaralan.
2. Maaga silang naulila sa kanilang nanay dahil ito ay nagkasakit.
3. Ang kanilang tatay ay mag-isang nagtatrabaho para sa kanilang kinabukasan dahil maaga silang naulila sa kanilang nanay.
4. Nag-aral nang mabuti si Alex kaya matataas ang marka niya sa pagsusulit.
5. Dahil sa kanilang pagtutulungan, nakaahon sila sa kahirapan.




## Tandaan

Ang paggamit ng ugnayang sanhi at bunga ay higit na nakapagliliwanag, nakapaglalarawan kung bakit naganap ang isang pangyayari, at kung ano ang naging epekto nito.

Ang sanhi ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang pangyayari. Ginagamitan ito ng mga pangatnig na nagpapahayag ng sanhi o tinatawag na pananhi: dahil/ dahil sa, sapagkat, palibhasa, kundangan, mangyari at kasi.

Ang bunga ay ang resulta o kinalabasan ng pangyayari. Ginagamitan naman ito ng mga pangatnig na nagpapahayag ng bunga o tinatawag na panlinaw: kaya/ kaya naman, kung kaya, bunga nito/ng, sa gayon, sa ganitong dahilan.

Sa pag-uugnay ng sanhi at bunga, maaaring gamitan ito ng iba't ibang uri ng *diagram*. Ang *diagram* ay isang paglalarawan o guhit para maipakita ang presentasyon o ugnayan sa pagitan ng mga bahagi ng isang sistema. Halimbawa ay *Venn Diagram, Fishbone Diagram, Tree Diagram, Flowchart* at marami pang iba.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto: Punan ng tamang salita ang bawat pangungusap upang mabuo ang ibig ipakahulugan ng bawat pangungusap. Piliin ang sagot sa kahon sa ibaba.**

| | | |
|---|---|---|
| pananhi | | bunga |
| | *diagram* | |
| sanhi | | panlinaw |

1. Ang _______ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang pangyayari.
2. Ang _______ ay ang resulta o kinalabasan ng pangyayari.
3. Ginagamitan ang sanhi ng pangatnig na nagpapahayag ng sanhi o tinatawag na ______.
4. Ginagamitan naman ang bunga ng pangatnig na nagpapahayag ng bunga o tinatawag na ______.
5. Ang ________ ay isang paglalarawan o guhit para maipakita ang presentasyon o ugnayan sa pagitan ng mga bahagi ng isang sistema.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Pakinggang mabuti ang kuwentong babasahin ng guro/magulang.**

Ang bawat mamamayang Pilipino ay dapat magkaroon ng mabubuting katangian. Ang pagiging mabuting mamamayan ay dahilan ng pagkakaroon ng isang maunlad at matagumpay na bansa. Maraming mga taong walang disiplina kaya madalas nagkakaroon ng kaguluhan. Isa na rito ang hindi pagsunod sa batas trapiko kaya nagdudulot ng alitan sa mga kalsada at lansangan. Marami ring mga mamamayan ang tahasang nagkakalat ng basura sa mga lansangan na nagdudulot ng polusyon sa hangin. Ang pagkakaroon ng mabuting katangian ay nakatutulong sa pag-unlad ng ating sarili at ng ating bayan.

**Panuto: Piliin sa ibaba ang angkop na sanhi at bunga upang mabuo ang pangungusap sa bawat bilang na nasa tsart.**

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| 1. Ang pagiging mabuting mamamayan | |
| 2. | kaya madalas nagkakaroon ng kaguluhan. |
| 3. | kaya nagdudulot ng alitan sa mga kalsada at lansangan |
| 4. Marami ring mga mamamayan ang tahasang nagkakalat ng basura sa mga lansangan | |
| 5. Ang pagkakaroon ng mabuting katangian | |

A. Maraming mga taong walang disiplina
B. Ang hindi pagsunod sa batas trapiko
C. ay dahilan ng pagkakaroon ng isang maunlad at matagumpay na bansa.
D. na nagdudulot ng polusyon sa hangin.
E. ay nakatutulong sa pag-unlad ng ating sarili at ng ating bayan.

\

## Susi sa Pagwawasto

Unang Pagsubok
1. C
2. A
3. E
4. D
5. B

Balik-Tanaw
1. simuno
2. panaguri
3. simuno
4. panaguri
5. simuno

Aralin
1. Ang pangunahing tauhan sa kuwento ay si Dino.
2. Si Dino ay isang masikap at mapagmahal na anak sa kaniyang pamilya.
3. Gaya ni Dino, ako po ay nagsusumikap na makapagtapos ng pag-aaral upang maabot ko rin ang aking mga pangarap.
4. Ako ay nag-aaral nang mabuti
5. Hindi hadlang ang kahirapan sa pagtupad ng pangarap. Maging masikap at magpursige upang makamit ito.

Pagsasanay 1
1. Sanhi: papasok siya sa paaralan
   Pangatnig: dahil
   Bunga: Maaga pa lang ay gumising na si Alex
2. Sanhi: ito ay nagkasakit
   Pangatnig: dahil
   Bunga: Maaga silang naulila sa kanilang
3. Sanhi: maaga silang naulila sa kanilang nanay
   Pangatnig: dahil
   Bunga: Ang kanilang tatay ay mag-isang nagtratrabaho para sa kanilang kinabukasan
4. Sanhi: Nag-aral nang mabuti si Alex
   Pangatnig: kaya
   Bunga: manumbalik ang dating imahe nito matataas ang marka niya sa pagsusulit
5. Sanhi: kanilang pagtutulungan
   Pangatnig: Dahil sa
   Bunga: nakaahon sila sa kahirapan

Pag-alam sa mga Natutuhan
1. sanhi
2. bunga
3. pananhi
4. panlinaw
5. *diagram*

Pangwakas na Pagsusulit
1. C
2. A
3. B
4. D
5. E

## Sanggunian

A. Aklat
Alab Filipino-Ikalimang Baitang
Vibal Group, Inc. 2016
ISBN: 978-971-07-3886-1
B. Online o Elektronikang Pinagmulan
https://www.google.com.ph
halimbawa ng dayagram - Google Search